



Mga taga-kampanyang bastos, talo ang kanilang manok

INSPIRASYON SABUHAY: "... Narito pa ang isang bagay sa ibabaw ng lupa na walang kabuluhan: ang kaparusahang para sana sa masama ay sa mabuti nangyayari at ang dapat namang mangyari sa mabuti ay sa masama nangyayari..." (Mangangaral 8:14, Bibliya).

**-000-
MGA TAGA-KAMPANYANG BASTOS, IPINATATALO ANG KANILANG MGA KANDIDATO:** Sa mga kandidato sa paparating na halalan sa Mayo 13, 2019, lokal man o nasyunal ang inyong tinatakbuhan, pina-
payuhan namin kayong tiyakin ninyong ang mga kumakampanya para sa inyo, o yung nagsusuot ng mga T-shirts o naglalagay ng inyong mga posters o tarpaulin sa kanilang mga sasakyan, ay mababait at

hindi barumbado. Kung mababait sila, magiging maganda ang tanggap ng mga botante sa inyong mga kandidatong ikinakampanya nila. Kung barumbado ang mga tagakampanya niyo, tiyak maiirita sa kanila ang mga botante, at hindi na nila kayo iboboto bilang mga ikinakampanyang mga kandidato ng mga lukutoy na ito.

Ganun ang naging iisang damdamin ng mga motoristang naipit sa trapiko sa harap mismo ng Claret School of Quezon City kahapon ng hapon, Marso 22, 2019, sa isang kandidatong konsehal sa District 4 na ang pangalan ay katunog ng "sungay", at sa isang party-list group na ang pangalan naman ay katunog ng "drum".

-000-

ADVERTISING RATES

COMMERCIAL P180/col.cm.
LEGAL/ NOTICES P160/col.cm.

SI "KONSEHAL SUNGAY" AT "DRUM PARTY LIST": Ano ba ang nangyari? Hindi makadiretso ang mga sasakyan sa harap ng Calret School of Quezon City kasi, yung lane ng kalsada na ginagamit upang maging daluyan ng mga sasakyan ay pinaradahan ng isang tricycle na may tarpaulin ng "drum party list", na ang drayber pala ay pumasok sa isang apartment doon at namigay ng polyetos ni "Konsehal Sungay".

Nagsisipag-businahan ang mga motoristang nakatigil dahil rush hour na nga at lahat ay nagmamadali ng umuwi. Nag-iisang lane lamang naman doon kasi yung isang buong lane sa harap ng Claret ay pinaradahan naman ng mga sasakyang pribado na naghihintay ng kani-ka-

nilang mga susunduing mag-aaral.

Noong marinig marahil ng tricycle driver ang magulong mga busina, lumabas siya sa apartment, at doon nakitang naka-kulay asul siya na T-shirt na nakalagay ang malaking pangalan ni "Konsehal Sungay". Imbes na magpakitang pagsisisi si mamang drayber sa di makatwirang pagpigil niya sa daloy ng trapiko, buong yabang pa itong nagmanio-
bra at humarurot palayo, habol ng mga sigaw na "di namin iboboto mga kandidato mo".

-000-

MGA KANDIDATONG KUNSINTIDOR SA KABASTUSAN HUWAG IBOTO: Bakit kaya ganoon ang naging asal nitong tricycle driver na nangangampanya para sa isang konsehal sa Quezon City at para sa isang party

list na nagmula pa naman sa mga gustong magpatupad ng reporma sa sandatahang lakas ng Pilipinas noong naunang mga panahon? Sa aking pananaw, either ganun na siya talaga kagaspang ang pag-uugali, o yun ang nakikita niya sa mga kandidatong kaniyang ikinakampanya.

Anuman ang dahilan, hindi naman yung nangan-
gampanya ang tatamaan ng inis ng mga botante pag nagpakita siya ng kabastusan habang siya ay nangangampanya kundi ang mga kandidatong kaniyang tinutulungang mailapit sa mga tao pagdating ng araw ng halalan. Ito ang tunay na sa kabayo ang hataw, sa kalabaw ang latay.

Sa totoo lang, kung ang mga sariling tao ng isang kandidato ay hindi na niya maturuan ng good man-

ners and right conduct, tiyak wala ding kabutihang ipakikita ang kandidatong yan. Makakabuting huwag ng iboto ang ganitong mga kandidato dahil tiyak kunsintidor ang labas nila pag nahalal na sila. Nakakatakot po yan!

-000-

TAWAG NA PARA SA MGA TANONG, PAYO, AT TULONG: Sa mga nais magtanong, o humingi ng tulong, sa akin, maaari po kayong tumawag o magtext sa mga numero ko: 0977 805 9058, 0917 984 2468, 0918 5740193 at 0933 825 1308, o mag-email sa batasmauricio@yahoo.com, o magpadala ng inyong mga mensahe sa aking Messenger sa Facebook (Melanio Lazo Mauricio Jr. Salamat sa Diyos sa Ngalan Ni Jesus!

QC regulates e-cigarette use in public spaces

MANILA -- Quezon City Mayor Herbert Bautista on Wednesday approved an ordinance regulating the use of e-cigarettes in public spaces, including public conveyances, advertisements and promotions of e-cigarettes.

City Ordinance 2737-2018 aims to fully protect the health and welfare of the residents of Quezon City and at the same time safeguard the interests of all stakeholders, including smokers who have the right to choose less harmful alternatives to cigarettes.

Electronic cigarettes or e-cigarettes are hand-held products that generate a nicotine-containing aerosol without combustion. They are supposed to be significantly safer than conventional tobacco smoking.

The ordinance states that the use of e-cigarettes indoors is prohibited in places of worship, hospitals or other healthcare centers, public conveyances, government offices, and educational or recreational facilities primarily intended for minors.

In all enclosed places that

are open to the general public and private use, e-cigarette product use shall be allowed provided that the owner, proprietor, operator, possessor, manager or administrator of such places shall post: "Use of e-cigarettes is allowed inside" in a clear and conspicuous manner at every ingress point.

Private workplaces may also include a designated vaping area within the building, which may be an open space or in a separate area with proper ventilation but shall not be located within the same room that has been designated as a smoking area.

It is unlawful under the ordinance to purchase e-cigarettes from a minor, for minors to sell e-cigarettes, and for minors to purchase e-cigarettes.

Advertisements of e-cigarettes shall be allowed in points-of-sale through direct marketing and on the internet but must not be aimed at or particularly appeal to persons under 18 years of age. It shall only depict persons using e-cigarettes who are or who appear to be above 25 years of age.

It shall not contain car-

toon characters or subjects that depict humans or animals with comically exaggerated features or that attribute humans with unnatural characteristics to animals, plants or other objects.

Advertisements shall not show, portray or depict scenes where the actual use of, act of using, or puffing of e-cigarette products is displayed. It shall not undermine quit-smoking messages and encourage non-tobacco or non-nicotine users to use the product.

It shall not contain any information or element that is untrue or not scientifically substantiated, in particular with regard to product characteristics, health effects, risks or emissions.

Promotional communications shall allow adult consumers to learn about the availability of e-cigarettes, receive information about how to use them, try them before purchasing them, subject to proof of age and certification of smoker status, and receive pre-sale and after-sales support.

Advertisements shall not appear on television,

radio, or cinema. All allowable advertisements and promotional materials for nicotine receptacles shall contain the health warning: "This product may damage your health and is addictive." This health warning shall occupy 10 percent of the bottom area of the advertisement.

Punishable under the ordinance are vaping in public places where it is expressly prohibited, non-compliance by the owners or administrators of enclosed places open to the general public, and requiring vapers to use the same designated smoking areas provided under the Tobacco Regulation Act unless smoking is allowed in the entire establishment.

Violators of the ordinance shall be fined PHP500 to PHP1,000 for the first offense, a fine of over PHP1,000 to PHP2,500 for the second offense, and for the third offense, in addition to a fine of over PHP2,500 to PHP5,000, the business permit or license to operate of the offender may be cancelled or revoked. (PNA)

NORTH SOUTH JOURNAL

ANG NORTH SOUTH JOURNAL ay inilalathala ng NorthSouth Journal, tuwing araw ng Linggo na may tanggapan sa 385 Alima, Bacoor, Cavite

Tel. No. (046) 434-6167

email: northsouthjournal2018@gmail.com southstarprintcenter@yahoo.com

MANILA OFFICE: 372 Real St. cor. San Antonio Valley 17, Talon 1, Las Piñas City, (beside Brgy. Hall)

Tel. No. (02) 817-0607

ILOCOS NORTE OFFICE: Banna, Ilocos Norte

ROSITA C. CACACTIN

Publisher

EDILBERTO JULIAN

Marketing

RODRIGO FABRO

Circulation Officer (NCR)

JULIUS C. CACACTIN

Circulation Officer (CALABARZON)

Gen. CESAR P. KABILING (ret.)

LEO CANTA

Consultants

FLORENDO T. CACACTIN

Associate Publisher &

General Manager

MANNY CALDITO

DAN DANA

JULIUS JULIAN

Correspondents

Atty. BATAS MAURICIO

Atty. FERNANDO PERITO

Legal Counsels

NOTE: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management and Editor of this Publication.

Member: Publishers Association of the Philippines, Inc.

papi